

Aralin 6

ANO ANG TUNAY NA IGLESYA?

Sa Araling Ito'y Pag-aaralan Mo

- ✂ Ano Ang Kahulugan ng "Iglesya?"
- ✂ Ano ang Ginagawa Ng Tunay Na Iglesia?
- ✂ Bakit Dapat Umanib Sa Isang Iglesia?
- ✂ Ano Ang Nangyayari Sa Iglesia?

Unang Bahagi

ANO ANG KAHULUGAN NG "IGLESYA"?

Ang salitang iglesia ay may ilang kahulugan:

Sinabi ni Jesus: "Itatayo Ko ang Aking iglesia." Ginamit Niya ang salitang "ekklesia" para sa "iglesia". Ang ibig sabihin nito'y "ang mga tinawag." Tinatawag tayo ni Cristo upang sumunod sa Kanya. Iniwan natin ang dating buhay na makasalanang at naging kaanib ng malaking pangkat ng mga tinawag, yaong kumikilalang si Jesus ang kanilang Pangulo. Ito ang tunay na Iglesia. Dios ang tanging nakababatid kung sinu-sino ang mga kaanib nito. Marami sa kanila ang nasa Langit na ngayon.

Colosas 1:18 "Siya ang ulo ng katawan, ng iglesia; lahat ng mga bagay ay nabubuhay dahil sa Kanya."



Roma 12:5 "Tayo, na marami ay iisang katawan kay Cristo, at mga sangkap na sama-sama sa isa't isa."

Ang Iglesia Lokal

Saan mang pook, ang mga taong may magkakatulad na pananalig kay Cristo ay nagkakatipong palagian upang sambahin Siya, gaya noong panahon ng Banal na Kasulatan. Nagtatag sila ng isang iglesia lokal at magkakasamang gumagawa para sa Panginoon.



Mateo 18:20 "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa Aking pangalan, ay naroron Ako."



Colosas 4:15 "Batiin ninyo ang mga kapatid na nangasa Laodicea, at si Nimfas, at ang iglesyang nasa kanilang bahay."



Pambansang Iglesya o Denominasyon

Ang pambansang iglesya, o denominasyon, ay isang samahan ng maraming iglesya lokal. Nagtutulungan sila at higit ang nagagawa para sa Panginoon sa paggawang magkakasama kaysa kung maghihiwalay. Naglilimbag sila ng mga babasahin, nagsasanay ng mga ministro, nagbubukas ng mga bagong iglesya, at nagpapakilos ng mga paaralan at ampunan.

Tumutulong ang mga pinuno ng pambansang iglesya o denominasyon sa mga iglesya lokal na may mga suliranin, gaya ng ginawa ng mga apostol.



Gawa 15:6, 23, 41 "Nangagkatipon ang mga apostol at ang mga matanda upang pag-usapan ang bagay na ito... nagsisisulat sila... kanyang tinahak ang Siria at Cilicia, na pinagtitibay ang mga iglesya."



Natatag ang iba't ibang denominasyon sapagka't may pagkakaiba-iba ng mga paniniwala tungkol sa tumpak na paraan ng pagsamba, sa pinakamainam na pagkakatatag ng iglesya, at sa kahulugan ng ilang bahagi ng Banal ng Kasulatan. Gayunman, maraming denominasyon ang magkaka-ayon sa maraming mahahalagang bagay, at nagtutulungan sa paggawa at pagsamba.

Mga Gusali ng Iglesya

Ang gusaling itinalaga bilang bahay ng Dios at pinagtitipunan ng mga tao upang makipagniig ay tinatawag ding isang iglesya. Maaaring ito'y marikit na templo o karaniwang kapilya; ang mahalaga'y ang pananahanan doon ng Dios.

Gawin Mo Ito

Salungguhitan ang isang tamang sagot para sa baba't tanong:

- ⌘ Nang sabihin ni Jesus na, "Itatayo Ko ang Aking iglesya," anong uri ng iglesya ang tinutukoy Niya?
 - a. Isang pambansang samahan
 - b. Isang kalipunan ng tunay na mga mananampalataya na ang kikilalaning Pangulo ay si Cristo
 - c. Isang templo
- ⌘ Anong salita ang ginamit ni Jesus para sa "iglesya"?
 - a. "Ekklesia" na ibig sabihin ay "mga tinatawag"
 - b. "Alagad" na ang ibig sabihin ay "mag-aaral o tagasunod"
 - c. "Templum" o "templo"
- ⌘ Anong uri ng iglesya ang nais mong kabilangan?
 - a. Yaong naniniwala sa Banal na Kasulatan at sinusunod ito
 - b. Yaong nag-aalinlangan na ang Banal na Kasulatan ay kinasihan
 - c. Yaong ang pangunahing layunin ay gawaing panlipunan

Ikalawang Bahagi

ANO ANG GINAGAWANG TUNAY NA IGLESYA?

Ang "Iglesya" rito at sa ikatlong bahagi ay tumutukoy sa katawan ni Cristo na kumikilos sa pamamagitan ng mga iglesyang lokal at pambansa.

Ang Tunay na Iglesya ay Umiibig sa Dios at Namumuhay Para sa Kanya

Higit sa alinmang bagay nais ng Dios ang ating pagmamahal. Nilikha Niya tayo upang maging mga Anak Niya, upang magtamasa ng Kanyang pag-ibig, at ibigin din naman Siya. Nakikipagtagpo ang Iglesya sa Dios sa pagsamba. Magkakalakip at isa-isang

ipinahahayag ng mga kaanib ang kanilang pag-ibig sa Dios sa panalangin, pagpupuri, tugtugin, pagkakaloob, paglilingkod Cristiano, at pagsunod sa Kanyang mga utos.

Ang Tunay na Iglesya ay Nagsasabi sa Buong Sanlibutan ng Tungkol kay Jesus

Dapat sabihin ng bawa't Cristiano sa kanyang pamilya at mga kaibigan kung paano sila maliligtas. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo sa pagdadala ng mensahe ng ebanghelyo sa bawa't panig ng sanlibutan. Magkakasama tayong gumagawa ng bagay na ito.

Isaulo Mo Ito



Marcos 16:15 "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal."



Gawa 1:8 "Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi Ko... hanggang sa kahuli-hulihang hangganan ng lupa."



Marcos 5:19 "Umuwi ka sa inyong bahay sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon."

Ang Tunay na Iglesya ay Nagtuturo ng Salita ng Dios

Ginagamit ng Iglesya ang bawa't paraang magagawa niya upang maituro sa mga kaanib ang katotohanan at upang sanayin sila sa pagsunod kay Jesus.



Mateo 28:19, 20 "Dahil dito, magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo: na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos Ko sa inyo."



Inaalagaan ng Tunay na Iglesya ang Kanyang mga Kaanib

Naglalaan ang Iglesya para sa espirituwal na paglago ng kanyang mga kaanib sa pamamagitan ng palagiang pagtitipon upang manambahan, mag-aral ng Banal na Kasulatan, magkaisa, at maglingkod bilang mga Cristiano.

Nagpapayo ang Iglesya at tumutulong sa may suliranin. Ginagawa nito ang kanyang makakaya para sa nangangailangan maging kaanib o di-kaanib.

Gawin Mo Ito

Isulat ang wastong sagot sa mga puwang:

- ✠ Ang tunay na Iglesya ay _____ sa Dios at _____ para sa Kanya.
- ✠ Ang Iglesya ay nagsasabi sa _____ ng tungkol kay Jesus.
- ✠ Ang Iglesya ay nagtuturo ng _____.
- ✠ Ang Iglesya ay nagtitipon upang _____ sa Dios.
- ✠ Inaalagan ng Iglesya ang kanyang _____ at naglalaan para sa kanilang _____ na paglago.

Ikatlong Bahagi

BAKIT DAPAT UMANIB SA ISANG IGLESYA?

Sapagka't Kailangan Mo ang Iglesya

Inilagay ng Dios ang mga tao sa iglesya upang tumulong at magturo sa iyo. Sa ganitong paraan ay natutugunan Niya ang mga espirituwal mong pangangailangan.



Efeso 4:11, 12 "Pinagkalooban niya ang mga iba na maging... mga ebanghelista, at ang mga iba'y pastor at mga guro, sa ikasasadal ng mga banal, sa gawain ng paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo."



Hindi ka dapat umanib sa iglesya na ang nasa isip ay tumanggap ng tulong na salapi, pagkain, o ibang bagay

na materyal; kundi sa pagbibigay mo ng pangunahing dako sa Dios sa iyong buhay, tutugunan naman Niya ang lahat ng iyong pangangailangan.

Sapagka't Kailangan Ka ng Iglesya

Bawa't sangkap ng katawan ay may gawaing gagampanan. May gawain ka bilang kaanib ng katawan ni Cristo. Huwag maging isang hiwalay na daliri, na gumagawa para sa katawan nguni't lumalayo sa kamay. Magkaroon ng dako sa iglesya at bayaang ikaw'y magamit ng Dios sa pagtulong sa iba.



Roma 12:4, 6 "Kung paano sa isang katawan ay mayroon tayong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ay hindi pareho ang gawain... yamang may mga kaloob na nagkakaiba-iba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin."



Sapagka't Higit Kang Makapaglilingkod sa Dios sa Iglesya

Kapag ikaw ay binautismuhan sa tubig at umanib ka sa isang iglesya, ito'y magandang patotoo sa iba bukod sa pagiging badya ng pagsunod at pagtatalaga sa Dios.

Naglilingkod ka rin sa Dios sa pamamagitan ng pagkakaloob para sa Kanyang gawain. Magagawa mo itong mabuti sa pamamagitan ng isang iglesya. Maingat na ginugugol dito ang salapi, ipinambabayad upang maihatid ang ebanghelyo sa kinaroroonang pook at sa maraming ibang dako. Sa pagkakaloob ng iba, napakinggan mo ang ebanghelyo. Sa pagkakaloob mo, makaririnig ang iba at maliligtas.



2 Corinto 9:6, 7 "Datapuwa't sinasabi ko, ang naghahasik ng bahagya na ay mag-aani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay mag-aani namang sagana. Magbigay ang bawa't isa ayon sa ipinasiya ng kanyang puso; huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan; sapagka't iniibig ng Dios ang nagbibigay na masaya."



Maraming pagkakataon sa Iglesya upang makapaglingkod ka: pananalangin, pagpapatotoo, pamamahagi ng babasahin, pag-awit, pagtuturo, pangangaral, pagdadala ng iba sa iglesya. Pati ang matapat mong pagdalo ay nakalulugod sa Dios at nakapagpapasigla sa mga iba.



Hebreo 10:25 "Huwag nating pabayaang ang ating pagkakatipon na gaya ng ugali ng iba, kundi mangag-aralan sa isa't isa at lalo na kung inyong namamalas na nalalapit na ang araw."



Ikaapat na Bahagi

ANO ANG NANGYAYARI SA IGLESYA?

Dalawampung Dantaon ng Pakikipaglaban

Mula nang itatag ni Jesu-Cristo ang Kanyang Iglesya, sinikap na ni Satanang sirain ito. Lumalaban ang Iglesya, di lamang upang iligtas ang kanyang buhay, kundi upang magligtas din ng mga kuluwang dinadala ni Satanang sa impiyerno.



Efeso 6:12 "Ang ating pakikibaka ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga espiritu ng kasamaan."



1 Pedro 5:8 "Kayo'y maging mapagpigil, kayo'y maging mapagpuyat; ang inyong kalaban na diyablo, na gaya ng leong umuungol, ay gumagala na humahanap ng masisila niya."

Ang Pamamaraan at mga Sandata ni Satanang

Sinisikap ni Satanang ilayo kay Cristo ang mga Cristiano upang matalo niya sila. Ang pangunahing sandata niya ay ang pag-uusig, maling turo, at tukso. Naipapatay na niya ang libu-libong Cristiano, sa pagsisikap na wasakin ang Iglesya sa pamamagitan ng pag-uusig. Pinapasok niya sa Iglesya ang mga bulaang guro at binulag ang ilan sa Kanyang mga pinuno sa pamamagitan ng paglalagay ng alinlangan sa kanilang puso. Pinapasok niya ang kasalanan sa Iglesya.

Ang Pamamaraan at mga Sandata ng Iglesya

Ang ating pananggol ay ang manatiling kaugnay ng ating Punong Tagapagpaganap, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang pangunahin nating sandata ay panalangin, pananampalataya, at ang Salita ng Dios. Ang Espiritu Santo, na malakas kaysa kay Satanas, ang nagpapalakas sa atin upang matalo natin si Satanas.



Efeso 6:10, 11 "Magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan. Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Dios, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diyablo."



Ang Tagumpay ng Iglesya

Ang mga pag-uusig na ginawa sa Iglesya sa lahat ng panahon ay nagpadalisay at nagpalago rito. Nagpahatid ng mga alon ng pagpapanibagong-buhay ang Espiritu Santo upang iligtas ang Iglesya mula sa kasalanan at maling turo. Maaaring tayo ay magtiis din ng kahirapan, nguni't malapit nang matapos ang paghahamok. Matatalo si Satanas at maghahari ang Iglesya kasama ni Cristo magpakailanman.



Mateo 16:18 "Itatayo ko ang Aking iglesya; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magsisipanaig laban sa kanya."



Roma 8:37 "Sa lahat ng mga bagay na ito tayo'y higit pa sa mga mapagtagumpay sa pamamagitan Niyaong sa atin ay umiibig."

Ang Iyong Bahagi sa Lahat ng Ito

Sa digmaang ito, ang bawa't Cristiano ay isang kawal.



2 Timoteo 2:3 "Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus."



Apocalipsis 2:10 "Huwag mong katakutan... Magtapat ka hanggang sa kamatayan at bibigyan Kita ng putong ng buhay."

Tatagalastas!

Mapag-aaralan ang mga aralin nang isahan o kasama ng grupo. Naghahandog ang ICI ng mga kursong isinalin sa Tagalog, Ilocano, Cebuano, Hiligaynon.

Aming iminumungkahi na pagkatapos mo ng anim na mga aralin nitong "Ang Mga Dakilang Katanungan sa Buhay," isunod mong pag-aralan ang kurso na pinamagatang "Mga Tampok na Pangyayari sa Buhay ni Cristo."



ICI MINISTRIES, INC.

P.O. Box 13461, Ortigas Center

1605 Pasig City, Philippines

E-mail: iciphil@info.com.ph

Website: www.iciphilippines.org

Serye ng Ang Mga Dakilang Katanungan sa Buhay

Aralin

- 1** *Ano Ang Nangyayari Sa Sanlibutan?*
- 2** *Ano Ang Katotohanan Tungkol Sa Dios?*
- 3** *Ano Ang Saysay Ng Buhay?*
- 4** *Paano Mo Matutugunan Ang Pinakamahigpit Mong Pangangailangan?*
- 5** *Ano Ang Nangyayari Pagkaraan Ng Kamatayan?*
- 6** *Ano Ang Tunay Na Iglesya?*



ICI MINISTRIES

P.O.Box 13461, Ortigas Center, 1605 Pasig City
email: iciphil@info.com * www.iciphilippines.org

Mapag-aaralan ang mga araling ito sa ICI website.